# 47 Saligang Kaytibay






4. Ikaw ma'y isugo ko sa ibang bayan,
'Di ka maigugupo ng kalungkutan.
'Pagkat ako ay kapiling ninyo sa t'wina.
Sa pighati'y ililigtas, sa pighati'y ililigtas,
Sa pighati't dusa'y ililigtas kita.

5. Apoy ng pagsubok man ay maranasan,
Awa kong sapat ang lagi mong asahan.
'Di ko asam na ika'y mapaso't masaktan,
Kahinaa'y papawiin, kahinaa'y papawiin,
At lilinangin ang iyong kalooban.

6. Hanggang pagtanda ay mapatutunayan,
Na pag-ibig ko sa inyo'y walang hanggan.
Puti mang buhok ang sa ulo'y mamamasdan,
Katulad ng mga tupa, katulad ng mga tupa,
Aking pagyakap, inyong maaasahan.

7. Ang kaluluwang kay Jesus nagtiwala,
Kahit kailanman ay 'di ko itatatwa.
Pilitin mang s'ya'y yanigin ng kadiliman,
Hinding-hindi magagawa, hinding hindi magagawa,
'Di magagawang talikuran kailanman.

*Titik:* Ipi. na kay Robert Keen, mga 1787.
*Himig:* Ipi. na kay J. Ellis, mga 1889

Isaias 41:10; 43:2–5
Helaman 5:12